

Paano Magsusumite ng isang Reklamo:

Ang sinumang tao, organisasyon o pampublikong ahensiya ay maaaring ipadala o i-fax ang isang nakasulat na reklamo kay:

Julie Hall-Panameño, Direktor
Educational Equity Compliance Office
Los Angeles Unified School District
333 South Beaudry Avenue - 20th Floor
Los Angeles, CA 90017
Fax: (213) 241-3312

Ang sinumang tao na may kapansanan o hindi makagawa ng isang nakasulat na reklamo ay maaaring makatanggap ng tulong mula sa administrador ng lugar/itinalaga o sa pamamagitan ng pagtawag sa Educational Equity Compliance Office (EECO) sa (213) 241-7682

Tinitiyak ng Distrito ang pagiging kompidensyal hanggang sa pinakamalawak na saklaw hangga't maaari. Pinoprotektahan ang mga nagrereklamo mula sa paghihiganti. Ipinagbabawal ng Distrito ang paghihiganti laban sa sinuman na naghahain ng reklamo o lumalahok sa proseso ng imbestigasyon sa reklamo.

Alinsunod sa Kodigo ng Edukasyon (E.C.) §262.3, pinapayuhan ang Mga Nagrereklamo na maaaring mayroong mga solusyon ang batas sibil sa ilalim ng mga batas ng estado o pamahalaan sa diskriminasyon, panggugulo, pananakot, at/o pang-aapi.

Ang kopya ng patakaran ng UCP ng Distrito at mga pamamaraan sa reklamo ay makukuha ng walang bayad.

Para sa mga tanong hinggil sa UCP, makipag-ugnayan kay Dr. Joseph Green, Tagapangasiwa ng UCP sa (213) 241-7682

Pag-iimbestiga ng Reklamo at Pagtugon:

Ang bawat reklamo ay iniimbestigahan ng naaangkop na tanggapan, yunit, sangay, branch ng

Distrito, o Lokal na Distrito. Ang pag-iimbestiga at pagtugon ng Distrito:

1. Nagbibigay ng pagkakataon para sa nagrereklamo at kawani ng Distrito na magharap ng impormasyon na may kaugnayan sa reklamo
2. Kumukuha ng may kaugnayan na impormasyon mula sa iba pang mga tao o saksi na makakapagbigay ng ebidensiya
3. Sinusuri ang mga may kaugnayang dokumento
4. Mga resulta na nasa isang nakasulat na Ulat ng mga Nalaman na nasa Ingles, o sa pangunahing wika ng nagrereklamo, na naglalaman ng mga nalaman sa pag-iimbestiga at desisyon ng Distrito, kasama ang (mga) pagwawasto sa nagawang mali, kung mayroon, at mga iminumungkahing solusyon, kung naaangkop
5. Tinatapos ang pag-iimbestiga sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng pagtanggap ng nakasulat na reklamo, maliban kung sumasang-ayon ang nagrereklamo sa sulat na palawigin ang takdang panahon ng pag-iimbestiga
6. Inaabisuhan ang tao o organisasyon ng mga pamamaraan ng apela

Paano Umapela:

Ang mga tao o organisasyon na hindi sumasang-ayon sa mga nalaman sa pag-iimbestiga at desisyon ng Distrito, o sa mga desisyon ng lokal na lugar na kinabibilangan ng Titolo VI o Titolo IX, ay mayroong 15 araw pagkatapos matanggap ang Ulat ng mga Nalaman upang magsampa ng apela.

Kailangang nakasulat ang apela at may kasamang kopya ng orihinal na reklamo, gayundin ang kopya ng desisyon ng Distrito. Kailangang ipadala ang apela sa:

California Department of Education
1430 N Street
Sacramento, CA 95814

Ang 60 araw na takdang panahon para sa imbestigasyon at pagtugon ng Distrito ay magsisimula kapag natanggap ang nakasulat na reklamo.

Magkakatulad na Mga Pamamaraan sa Reklamo (Uniform Complaint Procedures, UCP)



Educational Equity Compliance Office (EECO)

(213) 241-7682

Bakit Ang Brochure Na Ito?

Ang Los Angeles Unified School District ay mayroong pangunahing responsibilidad upang tiyakin ang pagsunod sa naaangkop na mga batas at regulasyon ng estado at pamahalaan, at iimbestigahan ang mga reklamo na nagpaparatang ng kabiguang sumunod sa mga batas at regulasyon na iyon kasama ang mga nagpaparatang ng diskriminasyon, panggugulo, pananakot, at/o pang-aapi; walang pahintulot na pagsingil ng mga bayarin ng mag-aaral para sa mga aktibidad na pang-edukasyon; hindi pagsunod sa mga minuto ng pagtuturo ng edukasyong pisikal sa tinukoy na mga baitang; hindi pagsunod sa mga probisyon ng edukasyon para sa mga mag-aaral sa foster care at mga mag-aaral na walang tahanan; probisyon ng mga kurso na walang nilalamang pang-edukasyon at mga kurso na nakumpleto o binigyan ng marka kamakailan na sapat para sa pagtugon sa mga kinakailangan o mga prerequisite para sa pag-aaral pagkatapos ng sekundarya at pagtanggap ng diploma, maliban sa ilalim ng mga tinukoy na kondisyon; kabiguang makatwirang tulong ang nagpapasusong mga estudyante; at kabiguang sumunod sa mga legal na kinakailangan na may kinalaman sa Plano ng Lokal na Pagkontrol sa Pananagutan (Local Control Accountability Plan, LCAP). Dapat lutasin ng Distrito ang mga reklamong iyon alinsunod sa mga pamamaraan na itinakda sa Kodigo ng Mga Regulasyon ng California §§4600-4687 at ang mga patakaran at pamamaraan ng Distrito, kasama ang mga paratang ng paghihiganti para sa paglahok sa proseso ng UCP at/or upang umapela sa mga desisyon ng Distrito hinggil sa mga ganoong reklamo.

Mga Protektadong Katangian na Saklaw sa ilalim ng UCP:

Kasama sa mga pagpaparatang ng diskriminasyon, panggugulo, pananakot, at/o pang-aapi ng mga estudyante batay sa mga protektadong katangian, na isinasaad sa Kodigo Penal §422.55 at Kodigo ng Edukasyon (E.C.) §220, ang aktwal o pinaniniwalaang kasarian, sekswal na orentasyon, kasarian, pagkakakilanlan sa kasarian, pagpapahayag ng kasarian, lahi o etnisidad, kinabibilangang etniko, ninuno, nasyonalidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kulay, kapansanan sa katawan o isipan, edad, o sa batayan ng kaugnayan ng isang tao sa isang tao o grupo na may isa o mahigit pa ng mga aktwal o pinaniniwalaang kategorya, sa anumang programa o aktibidad na isinasagawa nito o kung saan ito nagbibigay ng malaking tulong.

Ang mga reklamo tungkol sa diskriminasyon, panggugulo, pananakot, at/o pang-aapi ay kailangang isampa sa loob ng anim na buwan mula sa petsa nang nangyari ang

ipinaparatang na insidente o ang petsa nang makuha ang nalalamang mga katotohanan tungkol sa sinasabing insidente.

Mga programa sa ilalim ng UCP:

1. Diskriminasyon, panggugulo, pananakot, at/o pang-aapi
 - a. Empleyado sa estudyante, Estudyante sa estudyante, Ikatlong partido sa estudyante
 - b. Kasama sa karamihan ang mga pagpaparatang ng kabiguang magbigay ng mga makatwirang tulong para sa mga nagpapasusong estudyante
2. Mga programa na gumagamit ng mga pondo na may kategorya
 - a. Edukasyon na para sa Nasa Hustong Gulang
 - b. Edukasyon at Kaligtasan Pagkatapos ng Klase
 - c. Bokasyonal na Edukasyong Pang-agrikultura
 - d. Mga American Indian Education Center at Mga Pagtatasa sa Programa ng Edukasyon para sa Mga Bata
 - e. Bilingual na Edukasyon
 - f. Tulong para sa Peer at Mga Programa ng Pagsusuri para sa Mga Guro ng California
 - g. Teknikal na Career at Teknikal na Edukasyon at Teknikal na Career at Teknikal na Pagsasanay
 - h. Pangangalaga at Pagpapalaki ng Bata
 - i. Nutrisyon ng Bata
 - j. Pinag-isang Mga Programa ng Tulong na Ayon sa Kategorya
 - k. Tulong para sa Epekto ng Ekonomiya
 - l. Every Student Succeeds Act (Batas na Nagtatagumpay ang Bawat Mag-aaral)
 - m. Mga Serbisyo sa Mga Batang Pinangangalagaan at Walang Tirahan [Dapat magpaskil ang Distrito ng isang abiso na naka-alinsunod sa pamantayan ng mga karapatan sa edukasyon ng kabataang pinangangalagaan at walang tirahan, katulad ng tinukoy sa E.C. §§4885.3, 4885.5, 49069.5, 51222.1, 51225.2; ang abiso ay dapat na naglalaman ng proseso ng impormasyon sa reklamo, kung naaangkop.]
 - n. Edukasyon para sa Palipat-lipat na Mag-aaral
 - o. Mga programa ng No Child Left Behind Act (Batas na Walang Itatangi na Bata, 2001), kabilang ang ngunit hindi limitado sa, pagpapahusay ng nakakamit sa akademiya, nababayarang edukasyon, limitadong kahusayan sa Ingles, at edukasyon para sa palipat-lipat na mag-aaral
 - p. Mga Panlalawigang Programa at Center na may Kaugnayan sa Trabaho
 - q. Mga Plano para sa Kaligtasan sa Paaralan
 - r. Espesyal na Edukasyon
 - s. Preschool ng Estado
 - t. Edukasyon para sa Paggamit ng Tabako

3. Walang pahintulot na Pagsingil ng mga Bayarin ng Mag-aaral, ayon sa Kodigo ng Edukasyon (E.C.) §49011 at §5 ng Artikulo IX ng Konstitusyon ng California, para sa mga Aktibidad na Pang-edukasyon
 - a. Hindi kailangang hilingin sa mga mag-aaral ng Distrito na magbayad ng mga bayarin ng mag-aaral para sa paglahok sa mga aktibidad na pang-edukasyon
 - b. Ang mga suplay, materyales, at kagamitan na kailangan upang lumahok sa mga aktibidad na pang-edukasyon ay ibibigay sa mga mag-aaral nang walang bayad.

Hindi hihilingin sa isang mag-aaral na magbayad ng bayarin ng mag-aaral para sa paglahok sa isang aktibidad na pang-edukasyon, maliban kung ang singil para sa nasabing bayad ay partikular na pinahintulutan ng batas at hindi lumalabag sa Kodigo ng Edukasyon (E.C.) §49011. Kailangang isampa ang isang reklamo tungkol sa bayarin ng mag-aaral nang hindi lalamas sa isang taon mula sa petsa nang nangyari ang ipinaparatang na paglabag. Maaaring magsampa ng reklamo nang hindi nagpapakilala kung nagbibigay ito ng ebidensiya o impormasyon na hahantong sa ebidensiya para suportahan ang alegasyon ng hindi pagsunod. Susubukan ng Distrito na lumahok nang may mabuting hangarin sa mga makatwirang pagsusumikap upang kilalanin at ganap na isauli ang nagastos ng lahat ng mag-aaral, magulang o tagapag-alaga, na nagbayad ng bayarin ng mag-aaral sa loob ng isang taon bago ang pagsusumite ng reklamo

4. Pinagtibay na Kurso ng Pag-aaral sa Elementarya para sa Pisikal na Edukasyon
5. Hindi pagsunod sa mga legal na kinakailangan katulad ng pag-unlad, adopsyon, at taunang pagbabago ng LCAP, na kabilang ang pagkilala sa mga taunang layunin, mga aksyon upang ipatulad ang mga layunin, at pagsukat sa pag-unlad ng pangalawang pulutong ng mag-aaral sa mga tagapagpahiwatig batay sa walong priyoridad ng Estado at kahanay ng plano sa gastos ng Distrito. Ang reklamo ay maaaring ihain nang hindi nagpapakilala kung naglalaman ito ng ebidensiya/impormasyon na nagtuturo sa ebidensiya na suportahan ang reklamo.
6. Pagpapatala sa mga Kurso nang Walang Nilalamang Pang-edukasyon At Mga Kurso na Nakumpleto Dati o Binigyan ng Marka na sapat para Matugunan ang Mga Kinakailangan o mga Prerequisite para sa Pag-aaral Pagkatapos ng Sekundarya at Pagtanggap ng Diploma